File

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 14, 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 22-03-288

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG AGRIKULTURA NA MAGBIGAY NG AYUDANG PISO BAWAT KILO SA MGA MAGSASAKA NG SIBUYAS AT PALAY NG BAYAN NG BULALACAO, LALAWIGAN NG ORIENTAL MINDORO BUNSOD NG MABABANG BILIHANG PRESYO NG MGA ITO, MATAAS NA HALAGA NG PESTISIDYO AT ABONO, AT BIGLANG PAGTAAS NG MGA PRODUKTONG PETROLYO**

May-Panukala at Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**

Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member GERMAN S. ACOSTA**

"**SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro kung saan ang kahirapan at mga pagsubok sa pamumuhay ay nararanasan pa rin ng malaking bahagi ng populasyon nito kabilang ang mga katutubo na kung tawagin ay Hanunuo Mangyan, ito ay may kabuuang 10,325.80 hektaryang lupaing pangsakahan kung saan may humigit-kumulang na 6,000 katao ang nagtratrabaho bilang magsasaka;

"**SAPAGKAT,** ang Bulalacao ay may klimang tropikal at tanyag sa paggawa ng malakihang bulto ng mga sibuyas gayundin ng mga palay kung saan ang lahat ng pagsisikap ng mga masisipag na magsasaka ay sinusuportahan upang makapagtanim at makapagsuplay ang mga ito taun-taon, ang mga produktong ito ay dinadala sa Maynila at mga karatig probinsya;

Scanned with CamScanner

"**SAPAGKAT**, nakakalungkot na sa kasalukuyang panahon, ang mga magsasakang Bulalacaonon ay nakakaranas ng pagkalugi bunsod ng mababang bilihang presyo ng mga produkto, mataas na halaga ng pestisidyo at abono, at ang biglang pagtaas ng produktong petrolyo;

"**SAPAGKAT**, ang Lokal na Pamahalaan sampu ng masisipag at masigasig na mga magsasaka ng Bulalacao ay magalang na humihiling ng suporta sa mas mataas na pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng ayudang piso bawat kilo ng sibuyas at palay upang makaalalay sa mga pangangailangan ng mga magsasaka; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Humiling sa Kagawaran ng Agrikultura na magbigay ng ayudang piso bawat kilo sa mga magsasaka ng sibuyas at palay ng Bayan ng Bulalacao, Lalawigan ng Oriental Mindoro bunsod ng mababang bilihang presyo ng mga ito, mataas na halaga ng pestisidyo at abono, at biglang pagtaas ng mga produktong petrolyo,

**SA MUNGKAHI** nina Konsehal German S. Acosta at Konsehal Dexter R. Gonzales na pinangalawahan ni Konsehal Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Marso 14, 2022, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x----------------------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: April 07, 2022

180322/PLP/admm

Scanned with CamScanner